



PINAGHAHANAP NG FBI

FRANCINA DACANAY FERNANDEZ

Internasyonal na Pag-kidnap ng Magulang - Pagpigil o Pagtago ng isang Bata Mula sa Lugal na Tagapag-alaga



Larawang kinuha noong 2003

PAGLALARAWAN

Mga Alyas: Francina D. Fernandez, Francina Dacanay

Ginamit na Petsa sa Kapanganakan: April 29, 1970

Buhok: Itim

Taas: 5' 3"

Kasarian: Babae

Trabaho: Paralegal

Lugar ng Kapanganakan: Pilipinas

Mata: Kayumanggi

Bigat: 100 Libra

Lahi: Asyano

MGA PUNA

Si Francina Fernandez ay may kaugnayan sa California at sa Pilipinas.

MGA DETALYE

Sa panahon ng kanilang relasyon, si Francina Fernandez at ang kanyang kasintahan ay nagkaroon ng tatlong lalaking anak na ngayon ay nasa sapat na gulang. Ang magkasintahan ay hindi nagpakasal at natapos ang kanilang relasyon noong Hunyo ng 2001. Ang dalawa ay nakapaloob sa isang napakahaba at agresibong pagtatalo tungkol sa pangangalaga at pagbisita sa mga bata sa Korte ng Pangpamilya sa San Diego. Noong unang bahagi ng Nobyembre ng 2004, nabanggit umano ng ina sa ama na siya at ang mga anak ay nagpaplano ng dalawang linggong bakasyon sa New Zealand. Sinabi niya [ama] sa kanya [ina] na ang biyahe ay maglalabag sa mga utos ng korte at ang abugado ni Fernandez ay nakatanggap ng abiso ng ex-parte na paglilitis na nakatakda sa Nobyembre 8, 2004. Doon sa paglilitis, iniutos ng hukom na alinman sa magulang ay hindi maaaring dalhin ang mga bata sa labas ng hurisdiksyon ng korte at ang mga pasaporte ng mga bata ay nararapat na bitawan. Ang mga pasaporte ay kailanman hindi ibinalik. Gayundin, noong Nobyembre ay naiulat na si Fernandez ay biglang umalis sa kanyang trabaho at ang isang kamag-anak ay nagsampa para sa kanya ng ulat para sa isang nawawalang tao. Maaaring tumakas si Fernandez kasama ang kanyang mga anak patungo sa Pilipinas.

Noong Disyembre 9, 2004, isang utos ng estado ang inisyu sa estado ng California, Kondehan ng San Diego na kinakasuhan si Francina Dacanay Fernandez ng tatlong bilang sa pagdukot ng mga bata. Ang isang pederal na warrant ng pag-aresto ay kasunod na inisyu noong Pebrero 4, 2005, sa korte ng distrito ng Estados Unidos, Timog na Distrito ng California, na kinakasuhan si Fernandez ng internasyonal na pag-kidnap ng magulang.

Kung mayroon kang anumang impormasyon tungkol sa taong ito, mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng FBI o sa pinakamalapit na Embahada ng Amerikano o Konsulado.

Lugar ng Tanggapan: San Diego